



Audiologists

Mga Sanggunian:



[Ano ang audiologist](#)



[Ano ang audiogram](#)

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga uri ng audiologist?

- Ang **audiologist** ay isang dalubhasa na may master's o doctoral degree sa Audiology na makakatulong upang maiwasan, masuri, at gamutin ang mga diperensya sa pandinig at balanse para sa mga tao sa lahat ng edad sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang mga espesyal na pagsusuri. Matatagpuan silang nagtatrabaho sa maraming lokasyon tulad ng pribadong pagsasagawa, mga opisina ng mga manggagamot, ospital, paaralan, kolehiyo at unibersidad, mga sentro ng rehabilitasyon, pangmatagalan at residensyal na pangangalagang pangkalusugan na mga pasilidad. Ang ilang mga audiologist ay dalubhasa sa ilang partikular na populasyon at tumatanggap ng higit pang pagsasanay at karanasan sa pagtatrabaho sa ilang partikular na grupo. Halimbawa: Pang-edukasyon na audiologist o Pediatric Audiologist.
- Ang **pediatric audiologist** ay isang propesyonal na may espesyal na kaalaman at pagnanais na magtatrabaho lamang sa mga sanggol at bata. Nagsasagawa ang audiologist ng isang serye ng mga pagsusuri upang matukoy kung may pagkawala ng pandinig, at, kung mayroon, ang uri (bahagi ng sistema ng pandinig na apektado), antas (kung gaano ang pagkawala ng pandinig ang mayroon) at pagsasaayos (mga frequency o pitch na apektado) ng pagkawala. Kung may nakitang pagkawala ng pandinig, ang pediatric audiologist ay may espesyal na pagsasanay na iakma ang mga aparato na nagpapalakas ng pandinig [amplification hearing device] at matiyak na ito ay nagbibigay ng (mabuti-alisin) benepisyo sa maraming iba't ibang kapaligiran ng pakikinig. Madalas na titingnan ng pediatric audiologist ang iyong anak upang subaybayan ang pandinig at paggana ng kanilang mga aparato.
- Ang **pang-edukasyon na audiologist** ay isang miyembro ng kawani ng paaralan na tumutulong sa isang batang may pagkawala ng pandinig sa pakikinig, pag-aaral at pag-access sa komunikasyon habang sila ay nasa paaralan. Ang pang-edukasyon na audiologist ay maaari ring magsubaybay ng mga personal na instrumento sa pandinig, magrekomenda, mag-akma at pangasiwaan ang iba pang teknolohiya ng tulong sa pagdinig. Sila ay nagbibigay at nagrerekomenda ng mga serbisyong pangsuporta at mapagkukunan at nagtataguyod sa ngalan ng kanilang mga mag-aaral at tinutulungan ang mag-aaral na bumuo ng mga personal na kasanayan sa pagtataguyod sa sarili. Ang pang-edukasyon na audiologist ay maaaring makipagtulungan sa mga pediatric audiologist at kawani ng paaralan patungkol sa mga serbisyo at akomodasyon na kakailanganin ng mag-aaral sa paaralan upang magkaroon ng parehong access sa kurikulum tulad ng kanilang mga kasamahan na may tipikal na pandinig upang maging matagumpay. Maaaring hindi available ang mga pang-edukasyon na audiologist sa lahat ng lugar.